

# Malapit na ang Deadline na Marso 31 para Mag-apply para sa Mga Programa ng Tulong sa Maraming Sakuna

---

Release Date: Marso 25, 2025

**LOS ANGELES** – Marso 31 ang huling araw para mag-apply o magsumite ng impormasyon para sa maraming mahahalagang programa ng tulong sa sakuna para sa mga indibidwal na apektado ng Malalaking Sunog sa Los Angeles.

## Mag-apply para sa Indibidwal na Tulong ng FEMA:

- Mag-online sa [DisasterAssistance.gov](https://DisasterAssistance.gov).
- Sa [FEMA App](#).
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa FEMA Helpline sa **1-800-621-3362**. Kung gumagamit ka ng relay service, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon. Available ang tulong sa maraming wika. Bukas ang mga linya sa Linggo–Sabado, mula 4 a.m.- 10 p.m. Oras sa Pasipiko.
- Sa **Sentro ng Pagbangon mula sa Kalamidad (Disaster Recovery Center, DRC)**. Bumisita sa DRC sa isa sa mga address sa ibaiba:
  - **UCLA Research Park West**  
10850 West Pico Blvd.  
Los Angeles, CA 90064  
Bukas Lunes – Sabado: 9 a.m. hanggang 7 p.m.
  - **Altadena Disaster Recovery Center**  
540 West Woodbury Rd.  
Altadena, CA 91001  
Bukas Lunes – Sabado: 9 a.m. hanggang 7 p.m.

Para sa isang American Sign Language (ASL) na video kung paano mag-apply, bisitahin ang [Maa-Access Ang FEMA: Tatlong Paraan Para Magrehistro para sa Tulong ng FEMA sa Sakuna](#).

## Magsumite ng form na Karapatan sa Pagpasok sa LA County:



**FEMA**

Page 1 of 2

- Kumpletuhin ang opt-in form online sa [Permit sa Karapatang sa Pagpasok sa Los Angeles County para sa Pag-aalis ng Debris sa Pribadong Ari-arian](#).
- Mag-download at magkumpleto ng form: [Permit sa Karapatan sa Pagpasok para sa Pag-aalis ng Debris\(00011201.DOCX;1\)](#).
- Nang Personal. Mag-pick up ng form sa Disaster Recovery Center. Bisitahin ang [DRC Locator](#) para humanap ng lokasyon.

## Mag-apply para sa Mababang-Interes na Pautang sa Kalamidad ng SBA

- Mag-online sa [sba.gov/disaster](#)
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa hotline ng Serbisyo para sa mga Kustomer ng SBA sa **800-659-2955**. Maaaring i-dial ng mga taong bingi, mahina ang pandinig o may kapansanan sa pagsasalita ang **711** upang ma-access ang mga serbisyo ng relay.
- Sa pamamagitan ng pag-email [DisasterCustomerService@sba.gov](mailto:DisasterCustomerService@sba.gov)
- Sa isang Disaster Recovery Center o **Business Recovery Center**, kung saan ka makakapagsumite ng nakumpletong aplikasyon o puwede kang tulungan ng mga kinatawan ng SBA para mag-apply. Para humanap ng BRC na malapit sa iyo, pumunta sa [Appointment.sba.gov](#).
- Ang mga aplikasyon para sa pautang sa kalamidad ay maaaring isumite online gamit ang MySBA Loan Portal sa <https://lending.sba.gov> o iba pang mga inihayag na lokal na lokasyon.

*Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbangon ng California, pumunta sa [fema.gov/disaster/4856](https://fema.gov/disaster/4856). I-follow ang FEMA Region 9 [@FEMARegion9](#) sa X o i-follow ang FEMA sa social media sa: [FEMA Blog](#) sa [fema.gov](https://fema.gov), [@FEMA](#) o [@FEMAEspanol](#) sa X, [FEMA](#) o [FEMA Espanol](#) sa Facebook, [@FEMA](#) sa Instagram, at sa [FEMA YouTube channel](#).*

*Nakatuon ang California sa pagsuporta sa mga residenteng naapektuhan ng Los Angeles Hurricane-Force Firestorm habang nasa proseso sila ng pagbangon. Pumunta sa [CA.gov/LAFires](https://CA.gov/LAFires) para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga disaster recovery program, mahahalagang deadline, at kung paano mag-apply para sa tulong.*



**FEMA**

Page 2 of 2